

[Tungkol sa Batayang Ordinansang Pambata ng Tokyo]

“Ang Batayang Ordinansang Pambata ng Tokyo” ay isang ordinansa na ipinasa ng mga miyembro ng Pambansang Diet, at napagkaisahang isabatas sa pamamagitan ng Tokyo Metropolitan Assembly noong Marso 26, 2021. Ito ay nagkaroon ng bisa noong Abril 1, 2021.

- Sa diwa ng “*United Nations Convention on the Rights of the Child*,” nilinaw ang mga batayang prinsipyo ng paggalang sa karapatan ng mga bata at pagbibigay ng prayoridad para sa kanilang ikabubuti.
- Pagtatatag ng iisang pangunahing pananaw sa mga patakaran para sa bata, kasama na ang kanilang kaligtasan at seguridad, mga palaruan, kanilang pag-aaral, pagpapahayag ng mga opinyon, pakikilahok, at proteksyon ng kanilang mga karapatan.
- Pagtatatag ng isang komprehensibong sistema ng promosyon ng mga polisiya para sa mga bata.

[Pangunahing Nilalaman]

Ang mga bata ay hindi mapapalitang nilalang at sila ay may malaking potensyal.

Ang mga bata ay itinuturing na kayamanan ng lipunan. Sila ay miyembro ng lipunan at mayroong karapatang kailangang igalang sa lahat ng pagkakataon.

Ang *United Nations Convention on the Rights of the Child* ay nagtatakda ng pagbabawal sa lahat ng anyo, porma, o paraan ng diskriminasyon laban sa mga bata. Ito rin ay nagpoprotekta sa pinakamabuting interes ng mga bata kasama na ang karapatang magkaroon ng buhay (*right to life*), kaligtasan ng buhay (*survival*), pag-unlad (*development*), at paggalang sa kanilang opinyon at saloobin.

Kailangan nating lumikha ng isang kapaligiran kung saan ang lahat ng mga bata ay maaaring lumaking malusog at puno ng pag-asa para sa hinaharap, at tiyaking wala ni isang mapag-iwanan.

Ang Tokyo, bilang isang internasyunal na siyudad at mayroong iba’t ibang kultura, uri ng pamumuhay, karansan, at mga mamamayan na sama-samang naninirahan, ay may misyong itaguyod ang mga patakarang nagmula sa pananaw ng mga bata, sa diwa ng *United Nations Convention on the Rights of the Child*.

Bukod dito, ang bagong impeksyon ng coronavirus ay nagdulot ng malalaking pagbabago sa buhay ng mga tao, lalo na sa mga bata. Sa anumang sitwasyon, napakahalaga na ituloy natin ang paghahangad ng kaligayahan nila, at tukuyin nang malinaw ang responsibilidad na gagampanan ng siyudad ng Tokyo sa aspetong ito.

Kaya naman ipinapatupad ng siyudad ng Tokyo ang ordinansang ito na may hangaring makatulong sa maayos na paglaki at pag-unlad ng mga bata. Ito ay sa pamamagitan ng pagtatatag ng batayang pilosopiya para sa pagkamit ng isang lipunan na kung saan ang mga bata ay puno ng ngiti, at kung saan malinaw sa Pamahalaan ng Tokyo ang gagawin para maisakatuparan ang mga ito.

(Layunin)

Artikulo 1

Ang layunin ng Ordinansang ito ay mag-ambag sa maayos na pag-unlad ng mga bata sa pamamagitan ng paglalahad ng mga pangunahing prinsipyo para magkaroon ng isang lipunan kung saan ang mga bata ay puno ng ngiti, at upang itatag ang mga pangunahing patakaran na ipapatupad ng siyudad ng Tokyo tungkol dito (mula rito, ang tinutukoy bilang "siyudad" ay ang siyudad ng Tokyo).

(Kahulugan)

Artikulo 2

Sa Ordinansang ito, ang "bata" ay nangangahulugang isang tao na wala pang labing-walong taong gulang. Sa pagpapatupad ng mga hakbang na may kaugnayan sa mga bata, ang saklaw nito ay kailangang itakda kung kinakailangan, mula sa punto de vista ng pagpapatupad ng mga pangunahing prinsipyo sa susunod na artikulo.

(Payak na Prinsipyo)

Artikulo 3

Batay sa ating pagkilala na ang mga bata ay may malaking potensyal at hindi mapapalitan, kailangan natin silang igalang at kilalanin bilang may karapatan ayon sa diwa ng *United Nations Convention on the Rights of the Child*, at ituring na pinakamahalaga ang pinakamabuting interes ng mga bata.

(Mga Karapatang Pambata)

Artikulo 4

Batay sa *United Nations Convention on the Rights of the Child*, ang siyudad ay magtataguyod ng mga hakbang upang igalang at protektahan ang mga karapatan ng mga bata, kabilang ang kanilang karapatang mabuhay, karapatang lumago, karapatang maprotektahan, at karapatang makilahok.

(Pagsasakatuparan ng Pagiging Magiliw sa mga Bata o *Child-Friendly* ng Tokyo)

Artikulo 5

Upang mapangalagaan ang mga bata sa buong lipunan at makamit ang isang Tokyo na magiliw sa mga bata (*child-friendly*), dapat maging unang-una ang siyudad sa pagpapatupad ng mga hakbang na nagbibigay-diin sa pananaw ng mga bata.

(Pagtitiyak ng Kaligtasan at Seguridad ng mga Bata)

Artikulo 6

Upang maprotektahan ang mga bata mula sa krimen, aksidente, at iba pang pinsala, ang siyudad ay magtataguyod ng mga hakbang na kinakailangan upang matiyak ang kaligtasan at seguridad ng mga bata.

(Paglilikha ng Isang Lugar-Palaruan Para sa mga Bata)

Artikulo 7

Ang siyudad, sa pakikipagtulungan sa mga espesyal na *ward* at bayan (na tinutukoy mula ngayon bilang "mga *ward*, lungsod, bayan, at nayon"), ay dapat pagbutihin ang kapaligiran para sa mga bata, tulad ng paglikha ng mga palaruan at mga lugar kung saan maginhawa para sa mga bata ang maglibang.

(Suporta Para sa Pag-aaral at Paglaki ng mga Bata)

Artikulo 8

Kikilalanin at igagalang ng siyudad ang hangarin at karapatan ng mga bata na matuto, tututukan ang kanilang indibidwalidad, lilikha ng kapaligirang kinakailangan upang sila ay maging malaya at matutong magsarili, at magbibigay ng tiyak na suporta upang maabot ang kanilang kabuuang potensyal.

(Ang Maraming Aspeto ng Suporta Para sa mga Pamilyang Nagpapalaki ng Bata)

Artikulo 9

Upang masuportahan ang mga pamilyang nagpapalaki ng bata na nahaharap sa iba't-ibang pagkabahala at alalahanin, ang siyudad ay dapat magsikap sa pagbibigay ng marami at iba't-ibang uri ng suporta, kabilang ang hakbang para sa mga batang nangangailangan ng espesyal na suporta at pagsasaalang-alang. Kasama dito ang mga batang nangangailangan ng pagkalinga ng lipunan, pati na rin ang pagtatayo ng mga kapaligiran para sa iba't ibang klase ng pag-aalaga ng bata at mga istilo ng trabaho, propesyonal na konsultasyon, pagbibigay ng impormasyon at iba pang angkop na hakbang ayon sa pangyayari.

(Mga Hakbang Para sa Pagpapahayag ng mga Opinyon ng mga Bata at Konsiderasyon Nito sa mga Patakaran)

Artikulo 10

Kailangang kilalanin at igalang ng Tokyo ang mga bata bilang nagtataglay ng karapatan, at dapat magsikap na lumikha ng isang kapaligiran kung saan ang mga bata ay maaaring magpahayag ng kanilang opinyon bilang miyembro ng lipunan, at ang kanilang mga opinyon ay maayos na naipapakita at nailalagay sa mga patakaran.

(Pagsusulong ng Partisipasyon ng mga Bata)

Artikulo 11

Ang siyudad ay kailangang lumikha ng nararapat na kapaligiran upang ang mga bata ay mabigyang-galang bilang miyembro ng lipunan, at makalahok sa mga paaralan at lokal na komunidad ayon sa kanilang edad at yugto ng kanilang paglaki.

(Pagpapalaganap at Pagpapaliwanag ng mga Karapatang Pantao)

Artikulo 12

Ang siyudad ay magtataguyod ng mga aktibidad tulad ng pagpapalaganap at pagpapaunlad ng kamalayan hinggil sa paggalang sa karapatan at interes ng mga bata.

(Pagtugon sa Konsultasyon ng mga Bata)

Artikulo 13

Sisikapin ng siyudad na gawin ang lahat ng makakaya para mapabuti ang sistema ng pagtugon sa konsultasyon mula sa mga bata at palakasin ang pakikipagtulungan sa mga pamilya, mga paaralan, lokal na mga komunidad, at iba pang kaugnay na mga organisasyon, para maibsan ang mga pangamba at alalahanin ng mga bata.

(Proteksyon ng Karapatan ng mga Bata)

Artikulo 14

Upang masuportahan ang mabuting pag-unlad ng mga bata, kinakailangan gumawa ang siyudad ng mga hakbang tulad ng pagpapabuti ng sistema para ingatan ang karapatan at interes ng mga bata bilang tugon sa pabago-bagong kondisyon ng lipunan. Lahat ng ito ay gagawin upang maibigay ang angkop at agarang tulong sa kanila batay sa ekspertong kaalaman sa mga kaso kung saan sila ay nakaranas ng paglabag sa karapatan o iba pang pinsala. Ito ay gagawin sa pakikipagtulungan sa pambansang pamahalaan, mga bayan, at iba pang may kaugnayang organisasyon.

(Pagbubuo ng mga Plano Para sa mga Bata)

Artikulo 15

Sa pagbubuo ng mga plano para sa mga bata, ang siyudad ay dapat sumunod sa mga pangunahing alituntunin ng Artikulo 3.

(Pagbuo ng Isang Sistema Upang Komprehensibong Isulong ang mga Hakbang Para sa mga Bata)

Artikulo 16

Itataguyod ng siyudad ang mga kailangang sistema para sa komprehensibong pagpapatupad ng mga hakbang na may kinalaman sa mga bata.

(Mga Hakbang sa Pananalapi)

Artikulo 17

Magsisikap na gumawa ang siyudad ng mga kailangang hakbang pinansyal para sa komprehensibong pagpapatupad ng mga hakbang na may kinalaman sa mga bata.

Mga Karagdagang Probisyon

(Petsa ng Pagpapatupad)

1. Ang Ordinansang ito ay magkakabisa sa Abril 1, 2021.

(Mga Konsiderasyon)

2. Kapag tatlong taon na ang nakalipas mula nang ipatupad ang ordinansang ito, susuriin muli ang estado ng pagpapatupad nito at ang kalagayan ng mga bata, at kailangang gumawa ng mga hakbang upang sumunod at makabagay sa hinihingi ng panahon.
3. Sa pagpapatupad ng pagsusuri na nabanggit sa nakaraang talata, dapat magbigay ng pagkakataon para makinig sa mga opinyon at saloobin ng mga bata.